# Breast Kanser, Seksuwalidad, at Pagbalikwas / *Breast Cancer, Sexuality, and Dissent*

**Mark Anthony Dacela**
Pamantasang De La Salle, Pilipinas
mark.anthony.dacela@dlsu.edu.ph

**Rachelle Joy Rodriguez**
La Salle Antipolo, Pilipinas
rachellejoy@gmail.com

Iniaalok ng pag-aaral na ito ang isang panunuring Foucauldian sa pangkasariang karanasan ng babaeng may breast cancer (BRCA). Inihahain din ng mga may-akda ang mga sumusunod na tanong: Paano naaapi ang babaeng may BRCA? Paano hinahamon ng kanyang karanasan ang konsepto ng seksuwalidad? Maaari bang ituring ang kanyang karanasan bilang anyo ng pagbalikwas? Tutugunan ng mga may-akda ang naturang mga tanong gamit ang kapangyarihan-diskurso-seksuwalidad ni Foucault habang ipinapalagay na: (1) matagumpay na naipapakita ng talaangkanan ng seksuwalidad ni Foucault kung paanong ang seksuwalidad, bilang isang diskursibong kontrak, ay ginagamit bilang isang teknik ng pangongontrol, at (2) nabibigyan tayo ni Foucault ng isang paraan ng pag-unawa sa kung papaano tumutugon ang indibidwal sa iba't ibang sistema ng kontrol, maging ng isang balangkas na makapagpapaliwanag sa maraming relasyong pangkapangyarihan na siyang tumutukoy sa moda ng pag-iral ng indibidwal. Nahahati ang papel na ito sa tatlong pangunahing bahagi: (1) Ang Panunuring Feminista ng Sabjek na Foucauldian, (2) Ang Pangkasariang Karanasan ng Babaeng may BRCA, at (3) Pagbalikwas bilang Diskurso-Konstrak at Binuong Tugon.

**Mga Susing Salita:** *breast* kanser, Foucault, seksuwalidad, pagbalikwas, kasarian

*This paper offers a Foucaldian analysis of the gendered experience of women with Breast Cancer (BRCA). The authors pose the following questions: How are women with breast cancer oppressed? How does this experience challenge the concept of sexuality? Is this experience a form of dissent? The authors approach this inquiry using Foucault's power-discourse-sexuality on the assumption that: (1) Foucault's genealogy of sexuality successfully exploits how sexuality as a discursive construct is used as a technique of control and (2) Foucault provides us a way of understanding how an individual responds to various systems of control, as well as a framework that explains the many power relations that determine an individual's mode of existence. This paper is divided into three main sections: (1) Feminist Critique of the Foucauldian Subject, (2) The Gendered Experience of Women with Breast Cancer, and (3) Dissent as Discourse-Construct and Constitutive Response.*

***Keywords:*** *breast cancer, Foucault, sexuality, dissent, gender*

Copyright © 2015 by De La Salle University

## PANIMULA

Nagiging usapin ng seksuwalidad ang karamdamang tulad ng kanser kapag pininsala na nito ang mga bahagi ng katawang may kinalaman sa pagkalalaki at pagkababae. Kasama ng prostate at testicular cancer (para sa mga lalaki) at cervical at ovarian cancer (para sa mga babae), ang breast cancer (BRCA), na di hamak na mas naiuugnay sa mga babae kaysa sa mga lalaki, ay pumapaloob sa diskurso ng seksuwalidad dahil sa mga implikasyon ng sakit sa konstrak at konstruksiyon ng (pagka)babae. Bagama't pawang may kinalaman sa fertilidad at pagkabaog ang mga nabanggit na kanser, naiiba ang kaso ng BRCA dahil, bukod sa hindi naman direktang naaapektuhan ng mga komplikasyon sa suso ang kakayahang mabuntis, pinupuntirya ng naturang sakit ang partikular na bahagi ng katawan ng babae na may esensiyang seksuwal at estetik sa lipunan. Samakatwid, di tulad ng ibang bahagi ng katawan na may halagang pangkalusugan lamang (hal. puso, baga, atay), may sikolohikal at panlipunang epekto ang pagkakaroon ng BRCA sa isang babae na kailangan niyang labanan kasabay ng mga pangkalusugang problema na dala ng sakit.

Iniaalok ng pag-aaral na ito ang isang panunuring Foucauldian ng pangkasariang karanasan ng babae na may breast cancer (BRCA). Inihahain ng mga may-akda ang mga sumusunod na tanong: Paano naaapi ang babaeng may BRCA? Paano hinahamon ng kanyang karanasan ang konsepto ng seksuwalidad? Maituturing ba ang kanyang karanasan bilang anyo ng pagbalikwas? Susuriin ng mga may-akda ang mga naturang tanong gamit ang kapangyarihan-diskurso-seksuwalidad ni Foucault habang ipinapalagay na: (1) matagumpay na naipapakita ng talaangkanan ng seksuwalidad ni Foucault kung paanong ang seksuwalidad, bilang diskursibong kontrak, ay ginagamit bilang teknik ng pangongontrol, at (2) nabibigyan tayo ni Foucault ng isang paraan ng pag-unawa sa kung papaano tumutugon ang indibidwal sa iba't ibang sistema ng kontrol, maging ng isang balangkas na makapagpapaliwanag sa maraming relasyong pangkapangyarihan na siyang tumutukoy sa moda ng pag-iral ng indibidwal.

Nahahati ang papel na ito sa tatlong pangunahing bahagi: (1) Ang Panunuring Feminista ng Sabjek na Foucauldian, kung saan susurin ang debateng Foucault-feminismo at sisikaping bumuo ng batayan sa pagsusuri ng karanasan ng babaeng may BRCA, (2) Ang Pangkasariang Karanasan ng Babaeng may BRCA, kung saan tatalakayin at susuriin ang natatanging karanasan ng babaeng may BRCA batay sa tatlong pamamalagay na hango sa balangkas ni Foucault, at (3) Pagbalikwas bilang Diskurso-Konstrak at Binuong Tugon, kung saan magmumungkahi naman ang may akda ng paraan upang maunawaan ang pagbalikawas ng babaeng may BRCA batay sa balangakas ni Foucault.

## MGA SURING FEMINISTA SA SABJEK NA FOUCAULDIAN

Inihambing ni McNeil (1993, 147) ang ugnayan ni Foucault at ng mga feminista sa isang sayaw, na palagiang gumagalaw, magtatagpo, at maghihiwalay. Isang mahusay na paglalagom iyon ng kung ano ang kahulugan ni Foucault sa feminismo; sapagkat kahit itinuturing ng maraming feminista na isang kakampi si Foucault, at ang ilan pa nga'y gustong makatrabaho siya, may ilan pa ring may reserbasyon sa paniniwala nilang may ilang kritikal na limitasyon at likas na kontradiksiyon si Foucault.

Tinukoy naman nina Diamond and Quinby (1988, xi-xix) ang apat na nagtatagpong punto sa feminismo at kay Foucault: (1) kapwa tinutukoy ng mga ito ang katawan bilang 'lokus ng dominasyon,' ibig sabihin, ang uri ng kapangyarihan na nagdudulot ng mga sunod-sunurang katawan at binuong sabjektiviti; (2) kapwa itinatanghal ang kahalagahan ng mga lokal at malapitang ugnayang pangkapangyarihan; (3) kapwa nakatuon sa papel ng diskurso, ang naghahari at naisasantabi, sa mga ugnayang pangkapangyarihan; at (4) kapwa pinupuna ang maka-Kanlurang humanismo na pinapaboran ang

'maka-lalaking elite' at unibersal na proklamasyon ukol sa katotohanan, kalayaan, at kalikasan ng tao. Lahat ng apat na pagtatagpo ay nakapaloob sa kapangyarihan/kaalaman na balangkas.

## Pasibong Sabjek?

Inihahain ng balangkas na Foucauldian ang katibayan ukol sa katawan na sinusuportahan ang feministang suri ng tukuyang biolohikal, o, sa madaling- sabi, ang paniniwalang taglay ng katawan ang hindi-na-mababago pang biolohikal at prediskursibong esensiya. Iginigiit ni Foucault (1984, 83) na gumagana ang katawan sa loob ng isang modelo na tinutukoy bilang parehong binubuo at sinisira ng kasaysayan, bilang isang inuukitang ibabaw (surface) ng mga pangyayari, na minarkahan ng wika at tinunaw ng mga ideya, ang sentro ng nahiwalay na sarili, na nag-aampon ng ilusyon ng matibay na kaisahan, at bulto ng walang katapusang pagguho. Gayunpaman, nagdulot ng pagtanggi ni Foucault sa sabjek ang pagtutok naman niya sa diskursibong kabuuan ng katawan. Iginigiit niya na ang transpormasyon ng tao bilang sabjek ay isang anyo ng obhetipikasyon, na dulot ng mga eksternal na elemento ng kapangyarihan na iginigiit naman ang sarili sa katawan. Naniniwala siya na walang pinakadakila o pangunahing sabjek, o ni isang unibersal na anyo ng sabjek na matatagpuan sa lahat ng lugar (Foucault 1990, 50).

Samakatwid, ang layunin ng talaangkanan ni Foucault sa pantaong sabjek ay ang makalikha ang kasaysayan ng iba't ibang paraan ng obhetipikasyon, kung saan tao ang siyang ginagawang sabjek. Lalo pa, tila minamaliit ni Foucault ang sinasabing pagsasarili ng sabjek; iginigiit na iyon mismo ay nakondisyon ng mga puwersa na hindi na makokontrol kailanman ng sabjek. Paliwanag ni Foucault (1988, 11):

> Aktibong binubuo ng sabjek ang sarili nito sa pamamagitan ng mga gawi ng sarili; gayunpaman, ang mga gawing ito ay hindi yaong iniimbento lang ng indibidwal nang mag-isa. Mga padron ito na natatagpuan niya sa kanyang kultura at mga iminungkahi, ipinayo, at ipinataw sa kanya ng kultura, ng lipunan at ng kanyang panlipunang pangkat. (salin ng mga may-akda)

Problematiko ito para sa mga feminista. Iginigiit kasi nila na maaaring sumalungat ang isang tinukoy na sabjek at/o pasibong katawan tungo sa mapagpalayang layunin ng feminismo.

## Bulag Pagdating sa Kasarian?

Itinuturing din ng mga feminista na problematiko ang pagiging bulag pagdating sa usapin ng kasarian (o gender blindedness) ni Foucault. Idinidiin nila na ipinapalagay ng kanyang mga pananaw na ang kasarian ay likas na ibinibigay. Paliwag ni De Laurentis (1987, 3):

> Tulad ng seksuwalidad, maaari nating masabi na hindi isang pag-aari ng katawan ang kasarian o hindi ito anumang taal na umiiral sa mga tao; bagkus, 'mga itinakdang epekto ito na napoprodyus ng mga katawan, mga pag-uugali, at mga ugnayang panlipunan,' gamit ang mga salita ni Foucault, sa pamamagitan ng pagpapakalat ng isang 'masalimuot na teknolohiyang politikal.' (salin ng mga may-akda)

Kung gayon, iginigiit na kinakailangan ni Foucault na higit pang ipaliwanag kung paano napapanatili ang sistematikong afek ng dibisyong seksuwal ng mga teknik ng kasarian na isinasagawa sa katawan. Gayundin, sinasabi ni Balsamo (1996, 21) na isang diskursibong konstruksiyon mismo ang kasarian at sumasalungat ang neutralidad ni Foucault sa kasarian sa kanyang mga mapanuring intensiyon na isaalang-alang ang sistema ng pagkakaiba-iba na ginagawang makahulugan ang katawan.

Para naman kay Burker (1990, 829), isang patunay ng anyo ng pagkiling sa kasarian ang pagkabulag ni Foucault sa kasarian. Tinatrato raw ng *The History of Sexuality* ang pambabaeng seksuwalidad bilang isang produkto ng panlalaking seksuwalidad at sa halip na wasakin ang mga paraan sa kung paano nalilikha ang panlalaki at

pambabaeng seksuwalidad, ipinapakita lamang ni Foucault kung paano nalilikha ang panlalaking seksuwalidad at kung paano umuusbong ang mga pambabaeng identidad mula sa paglikhang iyon.

Samakatwid, nalilimitahan ang mga pagsisikap ng mga feminista ng mga tila kakulangan sa teorya ni Foucault na makapagbigay ng isang balangkas upang mataya ang pangkasariang karanasan ng sabjek. Ipinapalagay ng normatibong balangkas na ito, tulad ng kung paano ito tinitingnan ni McLaren, ang isang *feministang* (hal. pangkasarian) sabjek na may kakayahan sa politikal at moral na ahensiya.

## Ang Bilanggo ng Kasarian

Sa kabilang dako, kinikilala ni King (2010, 29) ang neutralidad ni Foucault pagdating sa kasarian, ngunit iginigiit niya na hindi nito pinasusubalian ang pakinabang ng kanyang balangkas para sa mga feminista. Sinisisi niya si Foucault sa hindi nito pagkilala sa kasarian bilang isang anyo ng teknik na lumilikha sa indibidwal. Gayunpaman, sinasabi niya na ang pagsusuri ni Foucault sa iba pang anyo ng teknik sa paglikha ay nagbibigay ng balangkas para sa mga feminista na makabuo ng isang talaangkanan ng pambabaeng kasarian, kung saan binibigyan ng diin ang pagiging isang diskursibong konstruksiyon ng kasarian mismo. Sinisiyasat din niya ang konstruksiyon ng pagkababae sa pamamagitan ng pagbanggit ng dalawang batayang punto: ang manipulasyon ng pambabaeng laman at ang mga kahingian ng kagandahan.

Una, iginigiit niya na katumbas ng disiplina, bilang kahingian na ipinapataw sa katawan ng laganap na pambabaeng estilo at/o gawi ng pagdadamit (o fashion), ang paglalarawan ni Foucault ng pagpapahirap o tortyur. Idinidiin niya na nagsisilbing mga anyo ng parusa ang mga masasakit-sa-katawang kasuotang pambabae. Pareho nitong nililimitahan at itinatama ang laman ng babae. Sinasabi rin niyang patuloy pa ring ipinapataw sa katawan ng babae sa iba't ibang antas ang ganitong mga teknik ng disiplina at manipulasyon. Mga halimbawa nito ang mga sapatos na may matataas o maninipis (o stiletto) na takong na nagdudulot ng pahirap at pagkasira ng porma, pati paglimita sa paggalaw.

Sinuri rin ni King kung paano sinusuportahan ng mga produktong kosmetiko ang talamak na ideya na kinakailangang maganda ang mga babae. Iginigiit niya na ipinapataw bilang isang pamantayan ng pagiging normal ang kahingiang ito na siyang nagtutulak sa isang babae upang sumailalim sa iba't ibang *treatment* para umakma ang katawan sa pamantayang panlipunan. Paliwanag ni King (2010, 35):

> Inuudyukan ang mga babae na sumunod sa isang detalyadong pang-araw-araw na gawaing pampaganda at pumili ng mga wastong paghahanda, na masyadong marami para ilista pa rito, na dinisenyo para 'maayos' at mabago ang balat sa lahat ng bahagi ng katawan. Pagkatapos, nariyan ang napakaraming kosmetiks na inilalagay gamit ang iba't ibang instrumento na inaasahang makabisado ng mga babae, hindi na kailangang banggitin pa ang mga pekeng pilik-mata, buhok, at kuko. May espesipikong mga produkto at proseso na dinisenyo para sa pagtatanggal ng buhok sa iba't ibang bahagi ng katawan: mula sa kilay, taas ng labi, kili-kili, binti, at 'bikini area' sa pamamagitan ng pagbunot, pag-ahit, pag-wax, paggamit ng malapapel de liha na pantanggal ng buhok o buffing, at ang permanenteng pagtanggal ng buhok gamit ang koryente o electrolysis. At para naman sa buhok na pinapanatili sa ulo, hindi na rin mabilang ang mga treatment at produkto ang naghihintay. (salin ng mga may-akda)

Tinapos ni King ang kanyang pagtalakay sa pamamagitan ng pagbanggit na bagama't nagbibigay ang kapabayaan sa kasarian ni Foucault ng kakulangan sa kanyang pagsusuri pagdating sa pagsasaalang-alang ng mga diskurso na pumapalibot at dumidisiplina sa katawan, maaari namang magamit ang kanyang balangkas upang maipakita kung paanong pinapanatili ng historikal na asosasyon ng kababaihan sa katawan ang mapaglimitang pagtingin sa pagiging babae. Ipinakita ito ni King sa kanyang dekonstruksiyon

ng pagkababae, gaano man ito kaikli. Ngunit higit na mahalaga, naigiit niya sa dulo ng kanyang pagsusuri na sa loob ng gayong balangkas, *posible ang paglaban*.

**Binuo Ngunit Lumalaban**

Kinikilala ni McLaren (1977, 123) na problematiko ang ideya ni Foucault sa sabjek. Gayunpaman, inilalaban niya na ipinakikilala ng mas bagong mga akda ni Foucault, lalo na iyong *Care of the Self*, ang isang binuong sabjek ng lipunan na may kakayahang lumaban. Bagama't inaamin niya na hindi lubusang napaunlad ni Foucault ang paniniwala niya ng paglaban (binabalaan niya ang mga feminista na huwag itong basta-basta lamang aampunin), iginigiit niya na ang lumalabang sabjek ni Foucault ay hindi kapareha ng feminismo, ngunit nagtataglay ito ng katangiang may mahalagang pagkakatulad sa relasyonal na sabjek ng mga feminista.

Nililinaw ni McLaren na nagmumula ang pagtanggi ni Foucault sa sabjek sa kanyang pag-aatubili na magsimula sa isang teorya ng sabjek. Salungat sa iniisip ng ilang feminista, hindi kabawasan sa indibidwalidad o sabjektiviti sa mga puwersang bumuo nito ang gayong pagtanggi; bagkus, pinalalaya nito ang indibidwalidad o sabjektiviti sa mga puwersang ito. Paliwanag ni McLaren (1977, 123):

> Sa pananaw ni Foucault, ang pagtanggi sa kung ano tayo ang makakapagpalaya sa atin sa uri ng indibidwalidad (sabjektiviti) na ipinataw nito sa atin sa pamamagitan ng mga pagdidisiplina at mga gawi nitong mga nagdaang siglo. Nagbubukas ang pagtanggi sa kung ano tayo, o ang maging sabjek, ng mga bagong posibilidad para sa pagiging. (Salin ng mga may-akda.)

Iginigiit pa niya na parehong binuo (o *constituted*) at binubuo-ng-sarili (o *self-constituting*) ang sabjek na Foucauldian. Sa isang dako, binubuo ang sabjek, tulad ng ipinapaalam ng pagsusuring sabjektifikasyon ni Foucault na inilatag sa kanyang talaangkanan ng sabjek. Sa kabilang dako, *aktibo ring binubuo* ng sabjek ang sarili nito. Idinidiin din niya na para kay Foucault, hindi basta lamang tinutukoy ng mga puwersang panlipunang gumaganap sa sabjek ang pagbuo sa sarili (o *self-constitution*) nito, sapagkat ipinapaalam nito ang sarili bilang siyang aktibo at orihinal na tugon ng sabjek, na salungat sa pagiging isa lamang pasibong tagatanggap ng mga puwersang ito. Binabanggit ni McLaren ang siping ito mula sa *The Care of the Self* (Foucault 1986, 71):

> Samakatwid, hindi magiging isang mahalagang konsekuwensiya ng mga modipikasyong panlipunan ang paglinang ng sarili; bubuuin ito ng orihinal na tugon sa mga ito, sa anyo ng bagong istaylistiks ng pag-iral. (salin ng mga may-akda)

Iginigiit niya na kinakatawan ng gayong bagong istaylistiks ng pag-iral ang aktibong pagbuo sa sarili ng sabjek, at ipinapalagay nito na may kakayahan ang sabjek na lumaban. Samakatwid, hindi lamang ginagawang posible ng panlipunang pagbuo ng sabjek, ng proseso ng sabjektifikasyon, ang paglaban; kundi aktibo ring binubuo ng lumalabang sabjek—sa paglaban mismo—ang sarili nito. Sa panulat ni McLaren (1977, 119):

> Binubuo ang sabjek na Foucauldian, tulad ng binalangkas niya sa kanyang mga mas bagong akda, sa pamamagitan ng mga pagdidisiplina at mga gawi ngunit hindi ito nakasalalay sa mga iyon. Sa halip, sa pamamagitan lamang ng proseso ng sabjektifikasyon nagagawa nating maging mga sabjek na may kakayahang lumaban sa mga institusyon, mga diskurso, at mga gawi na bumubuo sa atin bilang mga sabjek. (salin ng mga may-akda)

Idinidiin ni McLaren (1977, 119) na katulad ng sabjek na Foucauldian—na binuo ng lipunan ngunit lumalaban at binubuo ang mismong sarili nito, ang paniniwalang feminista sa isang sabjek na kinakatawan ay, samakatwid, nakapuwesto o nakababad sa isang sapot ng mga ugnayan ngunit may kakayahan sa politikal at moral na pagkilos. Kaya, tinatapos niya ang kanyang pagtalakay

sa pagsasabing tulad ng feministang sabjek, parehong relasyonal at lumalaban ang sabjek na Foucauldian.

## KARANASAN NG FEMINISTANG SABJEK NA MAY BREAST CANCER

### Batayan ng Pagsusuri

Habang hindi tuluyang tinutuldukan ng mga inihaing mungkahing resolusyon ang debateng Foucault-feminismo, binubuksan naman ng mga ito ang mga bagong paraan ng pagbuo at muling pagbuo ng pangkasariang karanasan ng feministang sabjek. Samakatwid, ibinabatay ng mga may-akda ang gagawing pagsusuri sa tatlong pamamalagay:

1. Nakapuwesto ang Foucauldian at feministang sabjek sa loob ng sistema ng mga ugnayang pangkapangyarihan na binubuhay at pinalalaganap sa pamamagitan ng mga gawing diskursibo, na tinutukoy sa iba't ibang paraan kung paano siya (ang babae) mag-aasal at mag-iisip;
2. Pareho ang mga limitasyon, hangganan, at saklaw ng seksuwalidad at kasarian sa dahilang pareho silang (a) mga teknik ng kontrol, at (b) mga diskursibong konstruksiyon na pumapaloob sa sing-mapanupil na mga sistema ng kontrol; at
3. Ang pagbalikwas ay ang *malikhaing* paggigiit ng kapangyarihan ng sabjek. Gayunpaman, hindi nangangahulugang naisasalin ito bilang paglaya sa mga ugnayang pangkapangyarihan, sapagkat binubuo ang pagbalikwas sa loob ng isang *relasyonal na sistema ng kapangyarihan.*

### Mga Teknik ng Kontrol

*Mastectomy bilang mutilasyon ng pagkababae*

Kapag na-*diagnose* ang isang babae ng BRCA, lalo na sa advanced stages, halos sigurado nang kailangan niyang sumailalim sa mastectomy, o ang pagtanggal ng buong suso, utong at (maaaring pati) mga kulani sa may bandang kili-kili. Sa ilang kaso, lalo na kung nasa edad 50 pataas na ang pasyente, natatapos ang operasyon sa pagsasara ng tahi o kaya nama'y pagtatapal ng balat (o skin-grafting); samakatwid, papatagin lang, kumbaga, ang dating maumbok na rehiyon ng suso. Sa tradisyonal na mastectomy, kailangang harapin ng pasyente ang pagiging di pantay (o asymmetrical) ng rehiyon ng kanyang dibdib—ang isang bahagi ay maumbok; ang kabila'y patag o, sa ibang kaso pa nga'y, lalo na kung bagong opera, lubog o may uka. Bukod sa kailangang intindihin ng pasyente ang kanyang paggaling sa operasyon, kailangan din niyang sanayin ang sarili sa mga pagbabago sa kanyang katawan, sa kanyang pisikal na pagkababae; at samakatwid, mga pagbabago sa kanyang konsepto ng sarili. Dito ginagampanan ng BRCA patient ang papel hindi lamang ng isang pasyente kundi maging ng isang *babaeng* pasyente. Tulad ng ari, ang mga suso ang mga pisikal na pagkakakilanlan ng isang babae. Ang pagkawala nito ay nagdudulot ng sikolohikal na trauma para sa isang pasyente. Mutilasyon ito hindi lamang ng katawan kundi ng pagkababae. At ang mutilasyong ito ay anyo ng pagwasak sa kanyang katawan na may malaking impluwensiya sa kung paano niya titingnan ang sarili bilang babae.

Sa sandaling makita ng pasyente sa unang pagkakataon ang na-mastectomy niyang dibdib, tiyak na makadarama siya ng pagkabigla dahil tulad ng isang taong nawalan ng mata, naputulan ng braso o natapyasan ng binti, mararamdaman ng pasyente ang katotohanan na siya'y may kapansanan na—hindi na normal ang kanyang itsura. Ang normal na babae ay may dalawang suso. Samantalang siya, iisa na lang—o kaya'y sa kaso ng double mastectomy, wala man lang ni isang suso. At tulad din ng mga bahagi ng katawan na may kaparis (hal. mata, braso, binti), nasira na ang ideya ng pagiging pantay (o symmetry) at balanse ng kanyang katawan. Agad na iintindihin ng pasyente kung paano niya matatanggap ang kanyang bagong katawan. Iisipin din niya kung paano tatanggapin ng ibang tao ang kanyang

bagong katawan. At dahil ang kanyang katawan ay tanda ng kanyang pagkababae, ang na-mastectomy na babae ay nahaharap sa matinding pagsubok ng pagtanggap sa bago, naiiba, at hindi na normal na pisikal na manipestasyon ng kanyang pagkababae.

Nakakabit naman ang sikolohikal na epekto ng mastectomy sa panlipunang pagpapahalaga sa suso bilang isa sa mga nangungunang pamantayan ng pagkababae at pagiging kaakit-akit. Sapagkat may biswal at pandamang komponent ang suso (ibig sabihin, nakikita at nahahawakang bahagi sapagkat eksternal na bahagi ng katawan ito), madaling magdulot ng depresyon at alyenasyon para sa isang babae ang pagkawala nito. Iyon na nga lamang na maliit na suso ay maaari nang maging dahilan para makaramdam ang isang babae ng pressure ng lipunan na dapat malaki ang kanyang suso, paano pa kaya kung tanggalin ang buong suso at mag-iwan lamang ng sugat at tahi? Kakulangan (o *inadequacy*) ang ipinararamdam ng lipunan sa babaeng maliit ang suso. Kawalan naman, marahil, ang sa natanggalan ng suso.

Isang anyo, kung gayon, ng opresyon at pangongontrol ang sikolohikal na epekto ng mastectomy sa isang babae. Kailangan niyang harapin ang pagiging di normal sa isang lipunang nagtatanghal ng dalawang (at malalaking) suso.

*Recon, Implants, at ang (Inaakalang) Restorasyon ng Pagkababae*

Ngunit sa ilang kaso, lalo na sa mga pasyenteng bata pa—kadalasa'y edad 40 pababa sinusundan ang mastectomy ng breast reconstruction (recon); kung saan naman may opsiyon (na depende sa medikal na ebalwasyon at rekomendasyon ng surgeon) ang pasyente na lagyan ng silicon implant ang dibdib (ang mas artipisyal na paraan) o kumuha ng tissues at taba sa rehiyon ng kanyang puson (ang mas natural na paraan) para mapalitan ang tinanggal na suso.[1]

Ang mismong edad ay krusyal sa usapin ng kanser at seksuwalidad dahil sa mga lantad na panlipunang kadahilaan: aanhin naman ng pasyenteng higit 50 taong gulang ang recon samantalang matanda na siya at hindi na rin naman niya kakailanganin ang umbok ng suso upang magmukhang kaakit-akit para sa iba? Kung gayon, dobleng opresyon at sikolohikal na trauma para sa isang batang pasyente ng BRCA ang mastectomy dahil kailangan niyang isaalang-alang ang ekspektasyon ng lipunan na sa kanyang edad, mahalaga at kailangan na mayroon siyang suso—o pakiramdam at umbok ng suso—upang manatiling ganap ang kanyang pagkababae.

Nanghihimasok ang mga usaping pangkasarian sa dapat sana'y isang desisyong medikal para sa isang pasyente. Hindi naman naiisip ng isang pasyente na kapag inoperahan siya sa puso ay mababawasan ang kanyang pagkakabae. Bagkus, kung sabihin ng mga doktor na ang operasyon sa puso ang paraan para siya ay gumaling, papayag siyang sumailalim sa naturang operasyon. Ngunit hindi para sa mastectomy. Kasama sa pagtalakay ng doktor ang mga sikolohikal na epekto ng mastectomy, na kapantay ng mga komplikasyong pangkalusugan ng gayong operasyon. Malay man o hindi ang pasyente, isang anyo ng opresyon ang alalahaning kakayanin kaya niyang sumailalim sa mutilasyon ang kanyang pagkababae para sa ikagagaling ng kanyang kanser. Handa ba siyang isakripisyo ang kanyang suso, ang tanda ng kanyang pagkababae, para maisalba ang kanyang buhay? Parehong medikal at pangkasariang dilemma ang mastectomy. Kailangan pa niyang ihanda ang sarili kung kakayanin ba niyang makita ang pagkasira (o *disfigurement*) na gagawin sa kanyang katawan matapos ang operasyon. Tandaang hindi maituturing na vital organ ang mga suso. Ngunit kasabay na natatapyas ang kanyang pagkababae sa pagtanggal nito.

Anyo rin ng opresyon ang katotohanang kung nais niyang 'mapalitan' ang tinanggal na suso, kailangan niyang magbayad ng karagdagan at makaranas ng sakit at *discomfort* para sa recon. Sa breast implant, kailangan munang lagyan ng tissue expander ang kaoopera lang na dibdib para unti-unting mabanat ang laman para sa pagsisingit ng silicon sa kalaunan. Ilang buwan din ang tissue expander sa dibdib bago ito tuluyang palitan ng silicon na maaari lamang tumagal sa katawan ng babae hanggang 15 taon. Dagdag pang proseso

ang paggawa ng 'bagong utong;' kung saan tattoo ang magsisilbing areola at iniusling laman at balat ang magiging utong. Gastos at pagtitiis talaga ang kaakibat na sakit ang dala ng recon na ito.

At dahil peke ang bagong suso, marami iyong limitasyon na hindi maitatatwa ng babaeng mayroon niyon. Matigas tingnan ang susong yari sa silicon, kumpara sa malambot na hubog ng tunay na suso. Hindi nagbabago ang hugis ng pekeng suso—hindi iyong gumagalaw o umaalog batay sa puwesto't kilos ng babae. Di- kaparis ng tunay na suso, ang susong silicon ay tayuong-tayo pa rin kahit nakahiga na ang babae. Lumalaki, lumiliit, at higit sa lahat, may pakiramdam (o sensation) ang tunay na utong; ang pekeng utong, siyempre, wala. Ang gayong mga limitasyon ng pekeng suso ay walang duda na madarama, iindahin at kailangang makasanayan ng babaeng nakaranas magkaroon ng tunay na suso.

Samantala, kung taba naman sa rehiyon ng puson ang gagamiting 'palaman' sa dibdib, karagdagang sugat at mga tahi rin ang kailangang pagdaanan ng pasyente na maaaring magdulot ng discomfort at impeksiyon. Mahaba ang tahi, halos ga-braso; at paunti-unti ang pagtatanggal ng tahi (o sutures) niyon. At ang kadalasang nagiging kuwalipikado sa ganitong prosidyur ay iyong mga pasyente na nanganak na, sapagkat mas 'elastic' na ang balat at/o laman nito sa rehiyon ng puson, at may sapat na lamang makukuha. Kaya naman mala-tummy tuck din ang nangyayari sa pagkuha ng laman sa bandang puson. Lumalabas na 'tiis-ganda' na rin ang mangyayari. Oo nga't hindi naman kasalanan ng babae na magka-BRCA pero ang daan tungo sa pagkakaroon ng kapalit sa nawalang suso ay karagdagang kalbaryo para lang maibalik sa 'dati' ang tinanggal niyang suso, pagkababae.

*Mastectomy Bras at Prosthesis bilang Pagbalikwas at Di Pagbalikwas*

Maaaring kulang sa pera o takot nang sumailalim pa sa karagdagang operasyon. Maaaring takot din sa risk factors ng recon, o sa isip ng pasyente ay hindi na niya kailangan ang abala at alalahanin ng 'bagong suso' sa loob ng kanyang dibdib. Ano't anuman ang dahilan, mayroon namang mastectomy bras at prosthesis para may umbok pa rin sa dibdib ang breast cancer patient.. Ito ang pinakaligtas at pinakamurang paraan para magkaroon ng kapalit ang nawalang suso. Ilalagay lamang ang prosthesis, na gawa rin sa silicon, sa loob ng bra na may bulsa para pumantay ang naoperahang bahagi sa kabilang bahagi na may suso pa. Kung tinanggalan ng parehong suso, dalawang prosthesis, samakatwid, ang ibubulsa sa bra. Walang opera, walang sakit. Maaaring hubarin ng babae ang prosthesis kahit kailan niya gusto. Suot ang tamang damit (hindi cleavage-revealing, siyempre), walang makakaalam na prosthesis lamang ang umbok sa kanyang dibdib.

Sagot ang mastectomy bras at prosthesis para sa problema ng BRCA patients na ayaw na o hindi na puwede sa recon.[2] Naibabalik ng gayong bra at prosthesis ang nawalang umbok at naikukubli ang mga tahi, uka o pagkapatag ng naoperahang dibdib. Nababawi, kung gayon, ng babae ang kanyang *pagkababae*. Nagkakaroon uli siya ng kumpiyansa sa sarili. Tulad ng nagagawa ng peluka sa kalbo, nakakatulong ang prosthesis para magkaroon ng simulasyon ng suso at 'maibalik' ang nawala.

Pakiramdam tuloy ng babae, nabawi niya ang kapangyarihan at kontrol sa pamamagitan ng prosthesis. Di tulad ng implants na invasive at 'permanente,' nasa babae na ang desisyon kung kailan niya isusuot o huhubarin ang bra't prosthesis. Kung lalabas siya, suutin niya. Kung maliligo siya, tanggalin niya. Kung kailangan niya ngayon ang umbok (hal. Masikip ang kanyang damit at sexy tingnan ang umbok.), isuot ang prosthesis. Kung wala namang makakakita (hal. matutulog na), huwag mag-bra. Ang babae na ang nagdidikta kung kailan niya kailangan ng umbok, ng suso, ng pagkababae. Mapagpalaya marahil ang gayong kalakaran. Purong estetik na lamang ang halaga ng suso lalo na para sa isang pasyente.

Ngunit ang mistulang pagbalikwas ay pagsunod pa rin dahil ang pagsusuot pa rin ng bra at paglalagay ng prosthesis para lamang sa hatid nitong umbok ay indikasyon pa rin ng patuloy na panlipunang benerasyon sa suso. Ayon nga

sa pagbanggit ni Herndl (2009, 145) sa kilalang akda ni Lorde noong 1980,[3] maituturing na kasinungalingan ang recon at prosthesis. Paraan ito upang maikubli na nagka- o may kanser ang babae. Pagtatangka itong maging 'normal' at matakasan ang katotohanang wala na siyang suso. Hindi pa rin makalabas o makaigpaw ang BRCA patient sa mapagkahong konsepto ng pagkakababae sa lipunan. Itinuturing na isang anyo ng pagsuway o resistance ang pag-ayaw ni Lorde sa pagsuot ng prosthesis at sa mga aklat na tulad ng sa kanya nabasag ang katahimikan sa usapin ng BRCA, katawan at pagkababae. Gayundin, ang pagsailalim naman sa recon o paggamit ng prosthesis ay nagdudulot ng alyenasyon sa isang babae. Maaaring mailihim ng babae ang pagiging peke ng kanyang suso ngunit sa kanya mismong sarili, pagpapanggap lamang ang pag-angkin niya sa kanyang pekeng suso (Herndl 2009, 153).

Ang paghahangad pa rin ng umbok ng suso, recon man o prosthesis, ay hindi lamang upang maibsan ang sikolohikal na trauma ng babae, kundi lalo't higit, upang makasunod pa rin sa mga demand ng lipunang nagtataguyod ng presensiya ng suso bilang norm sa pisikal na kaanyuan ng isang babae.[4] Wika pa rin ni Lorde (1980, 58), kahit sinong babaeng sumailalim sa mastectomy dahil sa kanser ang makapagsasabing hindi na maibabalik pa sa dati ang itsura, pakiramdam, at karanasan ng pagkakaroon ng suso. Ngunit kahit ang nagdurusang BRCA patient ay hindi ligtas sa pagdisiplina ng kultura, wika nga ni Foucault. Marami pa ring BRCA patients ang bumibigay sa dikta ng lipunan na huwag hayaang iisa lang ang kanyang suso; bagkus, pumili sa mga 'opsiyong' mayroon ngayon: recon o prosthesis. Ang mismong pag-aakala ng pasyente na mayroon naman siyang pagpipilian ay manipestasyon ng Foucauldian na pagdisiplina sa pagkababae.

*Ang Pagkalagas ng Buhok bilang Parehong Anyo ng Opresyon at Paglaya*

Wika nga, 'crowning glory' ng mga babae ang kanyang buhok. Tulad ng suso, itinatanghal ng lipunan ang mahaba (at tuwid) na buhok para sa mga babae bilang bahagi ng kanyang pagkababae, kagandahan at pagiging kaakit-akit. Kaya naman maaaring tingnan na mas dagdag na pasanin para sa babaeng may kanser kaysa sa lalaking may kanser ang pagkakalbo sa sandaling sumailalim na siya sa chemotherapy. Kung tanggap na naman ng lipunan ang mga lalaking kalbo, hindi naman sanay ang lipunan sa babaeng kalbo. Mas kapansin-pansin ang kanser sa babae kung hahayaan niyang makita ng publiko ang kanyang kakalbuhan. Agad na iisiping may kanser siya at/o nagki-chemotherapy. Samantalang sa lalaki, maaari pang isiping nagpakalbo talaga siya o nakakalbo na talaga siya.

Kung gayon, isa na namang panlipunan, kaysa purong sikolohikal talaga, ang kalikasan ng trauma para sa babaeng pasyente kung pagkalagas ng buhok ang pag-uusapan. Madali namang solusyunan ang problema sa pamamagitan ng pagsusuot ng peluka o bandana o sombrero. Ngunit ang mga panghaliling ito sa buhok ay isa pa ring anyo ng opresyon dahil hindi magawa ng babaeng pasyente na ipakita sa publiko ang kakalbuhan dahil tanda ito ng kanyang karamdaman at kabawasan ng pagkababae.

Ngunit kung tutuusin, maituturing ding pansamantalang paglaya (pansamantala dahil tutubo rin naman ang buhok pagkatapos ng chemotherapy) ang pagkakalbo. Sa kondisyong ito, maaaring maramdaman ng babaeng pasyente ang kalayaan mula sa pangangailangan at kabanidosahan ng pagkakaroon ng (mahabang) buhok. Maaaring tingnan ang pansamantalang kakalbuhan bilang pagkakataong bumalikwas sa preokyupasyon ng lipunan sa buhok at maitanghal ang kakalbuhan bilang tanda ng pakikipagsapalaran ng isang babaeng may BRCA.

*Ang Chemotherapy at ang Maagang Pagkabaog*

Isa sa side effects ng chemotherapy ay ang early menopause. Muli, para sa pasyenteng edad 40 pataas, hindi na niya iindahin ang gayong side effect dahil pa-menopause na rin naman siya. Pero sa pasyenteng edad 30 pababa, malaking isyu ang infertilidad. Tulad ng recon, may paraan naman upang (siguradong) magkaanak pa rin ang BRCA

patient. Iyon ay kung sasailalim ang pasyente sa ovarian stimulation at egg harvesting. Isa itong proseso kung saan nagagawang magprodyus ng maraming itlog ang obaryo at saka 'aanihin' upang mapreserba para sa fertilisasyon sa hinaharap.[5] Daan-daang libong piso ang kailangang ihandang gastahin ng pasyente para sa gayong prosidyur.

Kung gayon, sa maraming aspekto hinahamon ng BRCA ang pagkababae ng isang pasyente dahil hindi lamang ang mga manipestasyong pisikal ng kanyang pagkababae (hal. buhok at suso) ang hinahamon kundi maging ang pisyolohikal niyang pagkababae. Nawalan na nga ng suso, nawalan pa ng kakayahang magbuntis. At hindi maitatangging may stigmang kaakibat ang kabaugan sa isang babae. Itinuturing iyong kabawasan ng kanyang kuwalipikasyong maging isang mabuting asawa; gayundin, kailangang tanggapin ng pasyente ang katotohanang hindi niya mararanasang maging isang ina na parehong may anatomikal-sikolohikal na udyok (o maternal instincts) at sosyo-kultural na kahingian.

**Mga Anyo ng Pagbalikwas at Di Pagbalikwas**

Ilang babae ang tumalakay sa kanilang karanasang post-mastectomy. Dalawa sa tatalakayin ng papel na ito ay parehong BRCA patients—ang isa, hindi nagpa-recon; samantalang ang isa ay nagpa-recon. Ang huling babaeng tatalakayin ay hindi nagka-BRCA ngunit nagpa-mastectomy upang makaiwas sa BRCA at/o mapababa ang tsansang magkaroon ng nasabing sakit. Ang kanilang mga naging desisyon at karanasan sa mastectomy ay maaaring tingnan bilang pagbalikwas at di pagbalikwas sa mga dominanteng nosyon ng pagkababae.

*Ang Pagiging Iisa ng Suso ni Lorde*

Naniniwala si Lorde na walang kapalit, walang kaparis, ang tinanggal na suso. Pagpapanggap na maituturing ang pag-asam pa na mapalitan ang nawalang suso sa pamamagitan, halimbawa, ng recon. Kasinungalian, para sa kanya, ang recon dahil tila nililoko lamang ng babae ang sarili sa paniniwalang maibabalik pa ang hitsura, pakiramdam at karanasan ng isang suso. Hadlang ang recon para sa ganap na pagtanggap ng babae sa mga pagbabago sa kanyang katawan at sarili. Balakid ang anumang pekeng suso upang tuluyang mayakap ng babae ang kanyang 'bagong normal.' Pagtanggi, hindi pagtanggap, sa katotohanan ang recon. Sa kabila ng katapangang ipinamalas ng babae sa pakikipaglaban sa kanser, sa dulo rin pala'y bibigay pa rin siya sa dikta ng lipunan sa kung ano ang normal na itsura ng katawan ng babae?

Kaya naman maituturing na anyo ng pagbalikwas ang ginawa ni Lorde na pagtanggap sa pagiging iisa ng kanyang suso (o *one-breastedness*) sa kabila ng opsiyong prosthesis. (Hindi pa ganoong kalaganap, kaligtas, at kaestablisado ang recon sa panahon ni Lorde.) Lumalabas tuloy na ang mastectomy ay maaari nang tingnan hindi lamang bilang pagkatapyas ng pagkakabae, kundi bilang simbolikong paghulagpos sa pagkakatali ng isang babae sa suso na pangunahing ginagamit ng lipunan upang tingnan siya bilang obheto ng pagnanasa't kagandahan. Sa madaling sabi, pagtiwalag ito ni Lorde sa lipunang maka-dalawang suso (o *society of two-breastedness*).

Sa kanyang pagsuway (*defiance*), nakakatagpo ang iba pang babaeng na-mastectomy ng huwaran na patotoo na posible ang pagtanggap sa pagiging isa ng suso. Kung opsiyong maituturing ang prosthesis o recon, hindi ba't opsiyon din naman ang one-breastedness? Gayundin, ang paglihis (*deviance*) ni Lorde sa karaniwang kalakaran ng prosthesis at recon ay isang oportunidad para sa paglaya na siyang lalong nagpapatingkad sa kadakilaan ng isang BRCA patient na pinagdaraanan lahat ng hirap sa katawan, sa isip, at sa konsepto ng sarili.

*Si Herndl at ang Alyenasyon ng Katawan*

Aminado si Herndl (2009, 153) na hindi niya kinayang sundan ang feministang desisyon ni Lorde na yakapin ang pagiging iisa ng kanyang suso matapos magpa-mastectomy. Sa halip, nagpa-recon siya at inilarawan ang sarili bilang 'posthuman'[6] na tumutukoy naman sa epekto ng

teknolohiya sa katawan ng tao. Dulot ng pagiging posthuman ang alyenasyon sa sariling katawan. Nararamdaman ni Herndl ang pagiging artipisyal ng hitsura, pakiramdam at karanasan ng bago niyang suso. Kapalit ng pakiramdam pala ng pagiging normal at pagsunod sa dikta ng lipunan ang kalituhan sa pagitan ng sarili at ng binuong sarili ng posthuman na kaayusan.

Ngunit recon o hindi, giit ni Herndl, parehong may posthuman na karanasan ang isang babaeng nagpa-mastectomy. Ang tahi at ang implants ay parehong tanda ng panghihimasok ng teknolohiya sa pagsasaayos ng katawan, sa kasong ito, ng suso.

Sa isang banda, maituturing pa ring pagbalikwas ang kaso ni Herndl dahil sa kabila ng pagpapa-recon niya, naroon ang matapang na pag-amin ng alyenasyon. Pinatototohanan niya na hindi isang ganap na solusyon ang recon para sa mga babaeng nagnanais ng kapalit na suso. Kung may pagtanggap si Lorde sa pagbabago sa kanyang katawan—ang pagiging iisa ng kanyang suso, may pagtanggap din si Herndl sa pagbabago sa kanyang katawan—ang pagiging artipisyal at huwad ng kanyang na-recon na dibdib.

*Ang Hinaharap sa mga Suso ni Angelina Jolie*

Nang ipaalam sa publiko ang *preventive double mastectomy* ng Hollywood superstar na si Angelina Jolie,[7] nagkaroon ng panibagong feministang hinaharap ang usapin ng BRCA. Dahil sa mga pinakabagong tuklas sa larangan ng BRCA, nagawa ni Jolie na *unahan* ang sakit (sa paniwalang malaki ang posibilidad na magkaroon siya ng breast cancer sa hinaharap dahil sa kasaysayan ng BRCA sa kanyang pamilya at pagtataglay ng gene na nagdudulot ng BRCA) sa pamamagitan ng pagtatanggal ng kanyang suso bagama't wala pa naman siyang kanser. Isang makapangyarihang mensahe ang nais iparating ni Jolie sa kapwa niya babae at sa madla—na nakatagpo siya ng katapangan at kapanatagan ng loob sa pamamagitan ng naging desisyong pangkalusugan. At dahil dito, naging inspirasyon siya sa maraming kababaihan lalo pa't isa siyang sikat na aktres na namumuhunan ng kanyang pisikal na kaanyuan. Ayon pa kay Jolie (2013), "*on a personal note, I do not feel any less of a woman. I feel empowered that I made a strong choice that in no way diminishes my femininity.*"

Maituturing na isang feministang pagbalikwas ang ginawa ni Jolie. Bilang isang feministang sabjek, binababago, kundi man hinahamon, ni Jolie ang konsepto at konstruksiyon ng (pagka)babae. Ang kanyang 'medical choice' ay indikasyon ng kanyang paglaya sa nakaambang panganib na dala ng kanyang mga suso. At ang kanya namang pamamaraan tungo sa paglaya—ang preventive double mastectomy—ay isang anyo ng pagbalikwas. Nagawa niyang ipakita na ang pagtanggal ng suso ay hindi laging prosesong dapat katakutan at kaawaan kundi isang pasiya na maaaring magpalakas at magtanghal ng kanyang pagiging (matapang na) babae. Isang panibagong yugto sa pagtingin sa BRCA ang sinimulan ni Jolie. Maaaring ito na ang hinaharap ng BRCA at feminismo, kung saan ang mga desisyong pangkalusugan at medikal ay tinitingnan na rin bilang feministang paninindigan (o feminist statements). Patunay ito na hindi ang kanser ang usapin ng estetika at feminismo kundi ang pagtanggal ng suso at rekonstruksiyon nito.

Gayunpaman, bago tuluyang itanghal ang halimbawa ni Jolie bilang isang panlahatan at unibersal na akto ng pagbalikwas at feminismo, marapat isaalang-alang na nagmumula si Jolie sa isang bansa, kultura at lipunang may nakakaungos na kakayahang medikal na iba, kundi man nalalayo sa bansa, kultura at lipunan ng Pilipina (na may BRCA). Bukas ang mga bansang first-world sa preventive mastectomies, ngunit hindi gayon ang kaso sa Pilipinas—kung saan hindi na nga laganap ang regular na self breast examining, mammograms, at ultrasounds, paano pa kaya ang operasyong tulad ng kay Jolie? Gayundin, bilang isang babae na may taglay na pinansiyal na kakayahan, naging posible para sa kanya na isakatuparan ang kanyang operasyon dahil may pambayad siya sa mahuhusay na doktor at ospital.[8]

*Pagkubli ng Pagbabago, Pagkubli ng Karanasan*

Agad bang masasabi na ang pagtanggap ba talaga sa kakulangan o kawalan ng suso ay tanda

ng feministang pagbalikwas? Gayundin, ang di pagtanggap sa kakulangan o kawalan ng suso ay tanda ng bulag at duwag na pag-ayon sa dikta ng lipunan ukol sa normal na dalawang suso?

Nagbubukas, kung gayon, ang mastectomy ng mga tanong ukol sa seksuwalidad dahil hinahamon nito ang konsepto ng katawan at sarili ng isang BRCA patient kasabay ng kanyang pakikipaglaban sa isang malubhang sakit. Lalo't higit, ang usapin ng mastectomy (preventive man o hindi), recon at prosthesis ay nagbibigay ng oportunidad sa mga babae na muling diskubrehin ang kanyang pagkakababae at magpasiya nang naaayon sa kanyang nararamdaman at pinagdaraanan.

Oo nga't may esensiyang seksuwal, kultural at estetik ang mga suso. Sentro itong maituturing ng pagnanasa at pagiging kaakit-akit. Ngunit hindi rin maitatatwa na may halaga itong personal para sa isang babae na maaaring magkaiba-iba ng digri at bigat batay sa iba't ibang karanasan at pananaw ng mga babae. Kinakatawan ng mga suso ang mga pinagdaanang pagbabago ng katawan ng isang babae, tulad ng pagdadalaga, pagkakaroon ng mga anak, at pagtanda (Young 2005, 94). Samakatwid, isang anyo ng opresyon din na isiping mababaw na bagay o dala lamang ng pagiging banidosa ang pagpagpapahalaga at *attachment* ng isang babae sa kanyang suso. Oo nga't hindi vital organ ang suso ngunit ang trauma na pagdaraanan ng isang babae na na-mastectomy ay pakiramdam na hindi mauunawaan ng isang lalaki. Madaling akalain na kaya lamang nanghihinayang ang isang babae sa pagkawala ng kanyang suso dahil baka maramdaman niyang hindi na siya maging kaakit-akit sa mga lalaki o baka maapektuhan ang sex life niya at ng kanyang partner, ngunit ang totoo'y higit pa roon ang depresyon na kanyang dinaranas. Bahagi ng katawan niya ang kanyang suso. Hindi maiaalis ang panghihinayang. Hindi mawawala ang pakiramdam na parang may kapansanan siya, na parang abnormal siya, na parang may mga hindi na siya kayang gawin, na may nagbago, na may hindi na maibabalik sa dati.

Kanya-kanya, samakatwid, ang pagtanggap sa post-mastectomy na sarili (post-mastectomy self). Kung pasiya niyang tanggapin at ipagmalaki ang pagiging iisa ng kanyang suso, mabuti. Dakila siya at huwaran para sa mga babaeng nais lumaya sa maka-susong lipunan. Kung pasiya niya ang recon, pagbabago iyon na sa palagay niya ay kaya niyang tanggapin dahil iyon ang kanyang pakiramdam at hindi ng mga taong nakapaligid sa kanya. Kung pasiya niyang magpatanggal ng suso dahil sa banta ng pagkakaroon ng BRCA, marapat na iyon ay pasiyang personal at medikal. Ano't anuman, dapat ituring ang takot, lungkot at hiya bilang mga natural na damdamin ng isang babaeng na-mastectomy. At proseso iyon na dapat maunawaan ng lipunan.

Tama si Lorde sa pagsasabing ginagawang 'invisible' ng prosthesis at recon ang pagbabagong dulot ng mastectomy ngunit hindi naman nito maitatago ang karanasan at pakikipagsapalaran ng isang babae tungo sa pagbuo at pagtanggap sa kanyang bagong katawan. Indikasyon, kung gayon, ang post-mastectomy na sarili ng pagiging dinamiko ng katawan ng babae at ng pagkababae. Di tulad ng lalaki, babae ang nagkakasuso pag siya ay tumatanda. Babae rin ang nagkakaregla magmula nang magdalaga. Babae rin ang lumolobo ang tiyan kapag nagbubuntis. Babae rin ang kailangang humarap sa pagbabago ng kanyang katawan sa sandaling tanggalan siya ng suso.

Ginagamit ang eufemistikong salitang 'hinaharap' (na maaari ring isalin bilang 'future') para tukuyin ang mga suso. Ang mismong salitang ito ay may halagang kultural dahil ipinapahayag nito kasunod ng mukha, ang mga suso ang inihaharap ng mga babae sa madla para agad na sabihing babae siya at, sana, maganda at kaakit-akit. Kung na-mastectomy siya, ano lang ang ihaharap niya sa mga tao? Wangis niya ay isang mukha na walang ilong—may kulang, may mali, may hindi katanggap-tanggap.

## PAGBALIKWAS BILANG BINUONG TUGON AT PAGHUBOG NG DISKURSO

### *Dinamikong Laro ng Kapangyarihan*

Ang sistemang bumubuo sa mapaglimitang papel ng feministang sabjek na may BRCA ay ang parehong sistema na bumubuo sa mga alternatibong papel na maaaring pagpilian ng babae na maaari niyang gampanan. Gayunpaman, hindi siya pinalalaya ng pagganap ng ibang papel sa relasyong role-playing na itinatakda ng parehong sistema.

Samakatwid, hindi isang mapagpalayang gawain ang pagbalikwas kung ang batayan ay kung pinapalaya siya nito sa mga ugnayang pangkapangyarihan na bumubuo sa kanyang sabjektiviti sa loob ng isang mapang-aping sistema ng kontrol. Bagkus, isa itong *binuong tugon* na malikhaing nagpapatunay ng kalikasang bipolar ng mga ugnayang pangkapangyarihan: sapagkat habang binubuo ng mga ugnayang pangkapangyarihan ang moda ng pag-iral ng isang sabjek, nagpapataw ito ng mga binuong pamantayan, gumagamit ng mga teknik ng kontrol, at maging ng paglikha at pagtatakda ng mga parametro ng pagbalikwas. Ginagampanan ng lumalabang sabjek ang aktibong pakikilahok sa pagbuo ng mga ugnayang ito. Sa madaling salita, bagama't hindi pinalalaya ng babaeng may BRCA ang sarili sa kanyang pagbalikwas sa sistema ng kapangyarihan at kontrol, napapasok nito, sa natatanging paraan, ang seksuwalidad at mga diskursong pangkasarian. Sa pamamagitan nito, epektibong nabubuksan ng kanyang estratehiya ang mga espasyo na muling magtatakda ng pamamaraan kung paano iginigiit ng sistemang ito ang kanyang pangongontrol—binubuhay ang dinamismo na likas sa anumang laro ng kapangyarihan.

### Ang Papel ng Pagbuo sa Sarili

Samakatwid, isang paggigiit sa pagbuo sa sarili (o *self-constituting role*) ang pagbalikwas sa karanasan ng babaeng may BRCA. Bagama't gumagana pa rin ito sa loob ng mismong sistema na nilalabanan nito, hinuhubog pa rin nito ang sistema sa isang natatanging paraan. Sinasang-ayunan lamang nito ang realidad na magkasamang binubuo ng sistema at ng sabjek ang isang *mapagbuong kaisahan* (o *constitutive unity*): parehong hindi maaaring mawala ang mga ito. Isang sistemang *pinagsasaluhan* sa loob ng relasyonal na sistema ng kapagyarihan ang sistema ng diskurso na bumubuo sa iba't ibang teknik ng kontrol; parehong *bumubuo at binubuo* ang gayong kalikasan ng diskurso: parehong bumubuo at binubuo ang kasarian at seksuwalidad bilang mga diskursibong konstrak. Samakatwid, hindi nangangahulugang pagiging pasibo ang limitadong pagbalikwas sa karanasan ng babaeng may BRCA. Sa halip, ipinapakita nito na taglay natin ang likas na kakayahan na naglalayo sa atin mula sa reduksiyon upang maging mga panlipunang konstrak lamang: ito *ang kakayahang humubog ng mga diskursong huhubog sa atin*.

## KONGKLUSYON

Inilalantad ng pagsusuring ito ang paradoksikal na kalikasan ng pagbalikwas ng feministang sabjek na may BRCA. Sa isang banda, ipinapakita nito kung bakit tila walang saysay ang paglaban sa loob ng isang balangkas na ibinababad ang sabjek sa mga ugnayan ng kapangyarihan, kung saan ginagamit ng mga mapang-aping sistema ang mga diskursibong konstrak bilang mga teknik ng kontrol. Ngunit sa isang banda naman, nakasalalay ang halaga ng pagbalikwas sa digri ng epekto nito sa mga diskurso na humuhubog sa ating pag-unawa sa seksuwalidad at kasarian.

Bagama't may ilang maggigiit na wala namang maituturing na ganap na *pagbalikwas*, kung ang batayan ay ang ganap na pagpapalaya ng sarili sa mga mapang-aping estrukturang pangkapangyarihan, naniniwala ang mga may-akda na ang pagbalikwas ng feministang sabjek na may BRCA na umusbong mula sa natatangi niyang karanasan, ay ganap namang hinuhubog ang ating pagtingin ukol sa seksuwalidad at

kasarian. Nagluluwal ang pagbalikwas na ito ng mga katanungan na nag-uudyok sa atin upang muling magtaya ng mga diskurso na humubog at patuloy na humuhubog sa ating pag-unawa sa seksuwalidad at kasarian; na samakatwid, namumuhunan sa ating kakayahan na igiit ang mahalagang papel na ginagampanan natin sa laro ng kapangyarihan at kontrol.

Kaya naman ginagawa ng maraming na-mastectomy na ikubli ang kanilang deformity ngunit hindi laging pati ang kanilang pinagdaanan. Itinatago ng recon o ng prosthesis ang kawalang-suso upang makaiwas sa karagdagang sikolohikal na trauma ng awa at pang-uusisa ng publiko sa itsura ng kanilang hinaharap. Kapansanan ang itinatago, hindi ang kanser. Sa huli, sa sandali ng paghuhubad ng prosthesis at pagsalat sa dibdib ng babaeng na-recon, kung kailan maliligo na siya o kaya'y pinagmamasdan ang hubad niyang katawan, batid ng isang babaeng na-mastectomy na binago na talaga ng breast cancer ang kanyang katawan, ang kanyang sarili. At ang daan tungo sa pagtanggap ay pagpapasiyang pansarili. Mahirap nga lamang at halos imposible na maging tunay na pansarili ang bawat pagpapasiya. Ngunit iyon ang mismong oportunidad at proseso para sa kanya na patuloy ring diskubrehin ang kanyang pagkababae. Tutal, mastectomy man o hindi, may breast cancer o wala, ang pagpili at pagbuo ng identidad ay walang katapusang paggigiit na maging pansariling pagpapasiya ang lahat.

## MGA TALA

[1] Batay ito sa serye ng mga konsultasyon ng isa sa may-akda sa ilang eksperto ng The Medical City mula Enero hanggang Marso ng 2014. Kumonsulta ang isa sa mga may-akda sa isang oncologist, breast surgeon at plastic/reconstructive surgeon. Mismong ang isa sa may-akda ay na-diagnose ng Stage IV Breast Cancer at sumailalim na ng mastectomy, chemotherapy at radiotherapy. 30 taong gulang lamang siya.

[2] Sa kaso, halimbawa, ng isa sa mga may-akda, hindi siya naging kuwalipikado sa recon dahil infected na ang balat sa kanyang suso kaya hindi na ito mapepreserba pa at kailangan na ring tanggalin. Sumailalim pa ang may-akda sa skin grafting, kung saan kumuha ng balat mula sa kanyang mga hita para matakpan ang inoperahang dibdib. Sa halip na tahi lamang, mas malaking graft region o pinantakip na bagong balat ang kinalabasan ng kanyang operasyon.

[3] Si Audre Lorde ay isang lesbiyanang makata at feminista na sumulat ng *The Cancer Journals* noong 1980 na tumalakay sa kanyang mga karanasan at saloobin nang magka-BRCA siya.

[4] Minsang nasabihan ang may-akda ng kanyang plastic surgeon na "Every woman deserves two breasts." Mismong ang doktor ay may pagpapahalaga sa pagkakaroon ng dalawang suso dahil iyon ang 'physically and socially normal.'

[5] Batay naman ito sa naging konsultasyon ng may-akda sa isang fertility doctor ng The Medical City noong Enero ng kasalukuyang taon.

[6] Ayon pa rin sa artikulo ni Herndl, nagmula ang salitang 'posthuman' sa isang exhibit noong 1992. Anumang artipisyal ang pagiging posthuman, tulad halimbawa ng pagpapaayos ng anumang bahagi ng katawan, pagpapalit ng kasarian, o pagbubuntis na ginawang posible ng agham at mga laboratoryo. Tanda ang posthuman na kalakaran ng mga ugnayan ng pagnanasa at kapangyarihan, ng realidad at ng paglikha nito, ng seksuwalidad at teknolohiya.

[7] Naging global news ang ginawang pag-amin ni Jolie tungkol sa kanyang operasyon sa isang artikulo sa The New York Times.

[8] Mahalagang banggitin din ang kakulangan ng mga batis at sanggunian na naghahain ng mga pag-aaral at pananaliksik sa mastectomy at pagkababae sa perspektiba ng mga Pilipina. Mangyari, ang mga pagsusuri ng mga dayuhang babaeng feminista't iskolar ay hindi matatangging may pagkakaiba sa pagpapakaranasan ng isang Pilipinang BRCA patient sa kanyang mastectomy. Maituturing, kung gayon, ang papel na ito bilang isang pagtatangka ring buksan ang mga pag-uusap ukol sa natatanging pagdadalumat ng BRCA at pambabaeng seksuwalidad sa konteksto ng lipunang Pilipino.

## SANGGUNIAN

Balsamo, Anne. *Technologies of the Gendered Body: Reading Cyborg Women.* London: Duke University Press, 1996. Nakalimbag.

Brook, Tom. "Shockumentary Hits Cinema." *BBC News Online*. 12 Pebrero 2000. Web. 10 Hunyo 2010. http://news.bbc.co.uk/2/hi/special_report/1999/03/99/tom_brook/639080.stm.

Burker, Eloise A, "Hidden Desires and Missing Persons: A Feminist Deconstruction of Foucault." *The Western Political Quarterly* 43.4 (1990): 811-832. Nakalimbag.

Clinton, Paul. "Sex Sobers in Controversial Sundance Documentary." *CNN.Com*. 10 Pebrero 1999. Web. 14 Hunyo 2010. htpp://edition.cnn.com/SHOWBIZ/Movies/9902/10/annabel.chong/

De Lauretis, Teresa. *Technologies of gender: Essays on theory, film, and fiction*. Vol. 441. Indiana University Press, 1987. Nakalimbag.

Diamond, Irene, and Lee Quinby. *Feminism & Foucault: reflections on resistance*. Northeastern Univ Press, 1988. Nakalimbag.

Foucault, Michel. *Politics, philosophy, culture: Interviews and other writings, 1977-1984*. Routledge, 2013. Nakalimbag.

———. "The Ethic of Care for the Self as a Practice of Freedom: An Interview with Michel Foucault on January 20, 1984 sa The Final Foucault: Studies on Michel Foucault's Last Works." *Philosophy & social criticism* 12.2-3 (1987): 112-131. Nakalimbag.

———. "The care of the self: The history of sexuality, Vol. 3." *New York: Pantheon*, 1986. Nakalimbag.

———. "Nietzsche, genealogy, history." *Semiotexte* 3.1 (1978): 78-94. Nakalimbag.

———. "How is power exercised." *Michel Foucault: Beyond structuralism and hermeneutics* (1982): 216-226. Nakalimbag.

———. Foucault, Michel. "The subject and power." *Critical inquiry* (1982): 777-795. Nakalimbag.

Goodman, Amy. "Voice: An Interview with Annabel Chong." *Nerve.* 22 Hunyo 1999. Web. 14 Hunyo 2010. htpp://www.nerve.com/dispatches/goodman/chong.

Herndl, Diane Price. "Reconstructing the Posthuman Feminist Body: Twenty Years after Audre Lorde's Cancer Journals." *Disability studies: Enabling the humanities* (2002): 144-55. Nakalimbag.

Jolie, Angelina. "My Medical Choice." The New York Times, 14 Mayo 2013. Web. 28 Hunyo 2014. http://www.nytimes.com/2013/05/14/opinion/my-medical-choice.html?_r=0.

King, Angela. "The prisoner of gender: Foucault and the disciplining of the female body." *Journal of International Women's Studies* 5.2 (2013): 29-39. Nakalimbag.

Lorde, Audre. *The Cancer Journals*. N.Y: Spinsters, Ink, 1980. Nakalimbag.

McLaren, Margaret A. "Foucault and the subject of feminism." *Social Theory and Practice* (1997): 109-128. Nakalimbag

Young, Iris Marion. *On female body experience:" Throwing like a girl" and other essays*. Oxford University Press, 2005. Nakalimbag.